

## Iminungkahing Pagtaas sa Rata ng Tubig

Ang Lungsod ng San Diego ay nagmumungkahi na pagbabago na makakaapekto sa iyong singil sa tubig.

### Impormasyon sa Pampublikong Pagdinig

Ang isang pampublikong pagdinig ay gaganapin sa iminungkahing maximum na pagtaas sa mga singil sa pagpasa ng tubig na magkakabisa sa Mayo 1, 2025.

**Ang pampublikong pagdinig ay gaganapin sa Marso 4, 2025 ng alas-2 ng hapon sa Council Chambers, 202 C St., 12th Floor, San Diego, CA 92101**

Ang Konseho ng Lungsod ay magdidinig at isasaalang-alang ang pasalitang remove na testimonya at kasulatang mga materyales na naisumite tungkol sa iminungkahing rata sa pagtaas sa pagdinig. Ang Konseho ng Lungsod ay may awtoridad na magsagawa ng mga pagbabago sa iminungkahing pagtaas na rata bilang tugon sa pasalitang testimonya at kasulatang mga materyales na naisumite para sa konsiderasyon. Ang mga pormal na nakasulat na protesta lamang ang isasaalang-alang sa ilalim ng Proposisyon 218 na protest tabulating na proseso ng Lungsod at dapat matanggap bago ang pagsasara ng pampublikong pagdinig nang personal man sa pampublikong pagdinig o sa pamamagitan ng koreo sa City Clerk, 202 C St., MS 2P, San Diego, CA 92101.

## Ikaw ay may karapatan na magprotesta sa iminungkahing pagtaas ng rata.

Ang kasulatang protesta ay kinakailangan na naglalaman ng oposisyon sa pagtaas ng rata, ang property assessor parcel na numero o address ng ari-arian, at ang pangalan at lagda ng may-ari o kustomer sa utilidad sa rekord ng rinerehistro ang protesta. Isang protesta lamang ang mabibilang sa bawat parcel o address. Ang mga elektronikong protesta (email, mga mensahe sa social media, atbp.) ay hindi magiging kwalipikado bilang mga nakasulat na protesta sa ilalim ng mga kinakailangan ng estado. Alinsunod sa batas ng estado, ang pampublikong pagdinig ay ipalalabas sa telebisyon sa City TV at sabay-sabay na ipapalabas sa website ng Lungsod sa sandiego.gov/citytv. Higit pang impormasyon tungkol sa pag-access sa pulong ng Konseho at pampublikong komento ay makukuha online sa sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results. Ang mga pasalitang mga kumento sa publikong pagdinig ay kokonsiderahin ng Konseho ng Lungsod ngunit hindi kwalipikado na pormal na protesta maliban kung kasama ang kasulatang protesta. Kung, sa pagtatapos ng pampublikong pagdinig, ang mga nakasulat na protesta laban sa pagtaas ng rata para sa mga singil sa pass through ay hindi ipinakita ng karamihan ng mga may-ari ng ari-arian o mga nangungupahan na responsable sa pagbabayad ng mga bayarin sa utilidad, isasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod at maaaring magpatibay ng isang resolusyon na nagpapahintulot sa ang iminungkahing pagtaas ng rata upang maipasa ang mga pagtaas sa mga gastusin sa pagbili ng tubig mula sa SDCWA. Kung pinagtibay, ang pagtaas ng rata na hindi lalampas sa 5.5% gaya ng ipinapakita sa mga talahanayang ibinigay sa paunawa na ito ay magkakabisa sa Mayo 1, 2025.

Sa ilalim ng Kodigo ng Gobyerno Seksyon 53759 mayroong 120-araw na batas ng mga limitasyon para sa paghamon sa anumang bago, nadagdagan, o pinalawig na bayad o singil sa tubig at imburnal. Ang anumang aksyong hudisyal o pagpapatuloy upang hamunin ang resolusyon na nagpapatibay sa mga iminungkahing bayarin o mga singil ay dapat na simulan sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng bisa o sa petsa ng huling pagpasa, pag-ampon, o pag-apruba ng resolusyon, alinman ang mas huli.

Ang mga Kamara ng Konseho ay bukas para sa personal na patotoo. Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang: sandiego.gov/city-clerk/officialdocs/council-agendas-minutes-results.

### MAHALAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG MGA KARAPATAN

Ang abiso an ito ay binibigay sa iyo ng Public Utilities Department ng Lungsod ng San Diego alinsunod sa Konstitusyon ng California artikulo XIIIID (kilala rin bilang "Proposisyon 218"). Sa ilalim ng mga tuntunin ng Proposisyon 218, inaatasan ang Lungsod na ipaalam sa mga may-ari ng ari-arian ang tungkol sa mga iminungkahing pagbabago sa mga bayarin na may kaugnayan sa ari-arian, tulad ng tubig at maduming tubig. Ito ay nagsisilbi na abiso sa Konseho ng Lungsod na maisasagawa sa publikong pagdinig na magkasabay, ang petsa at lokasyon na naitukoy sa itaas na kokonsiderahin ang rinekomendang mga pagbabago sa rata ng serbisyo ng tubig at mga singil ng Lungsod. Kung maaprubahan, ang mga iminungkahing pagsasaayos ay unang lalabas sa mga panukalang batas simula Mayo 2025. Lahat ng mga miyembro ng publiko ay iniimbitahn na dumalo sa publikong pagdinig. **Dagdag pa rito, sa ilalim ng batas ng estado ng California, ang lahat ng may-ari ng ari-arian at mga kustomer na nakatala ay maaaring magsumite ng nakasulat na protesta sa mga iminungkahing pagbabago sa rata. Ang mga ipinadalang protesta ay dapat matanggap bago ang Marso 4, 2025. Isang protesta lamang sa bawat parsela ang pinahihintulutan.** Lahat ng naipadala sa koreo na protesta ay papatunayan. Maaari ka ring magpakita sa publikong pagdinig sa petsa at oras na naitukoy sa itaas. Higit pang impormasyon ay makukuha online sa: sandiego.gov/rate-adjustments.



Ang dokumentong ito ay makukuha sa

العربية، 官話 / 官，  
فارسی، داری، 한국어를  
of Soomaali, español,  
Tagalog, Tiếng Việt



Ang mga nakasulat na protesta ay dapat ipadala sa isang sobre o ipadala sa: City Clerk, 202 C St., MS 2P, San Diego, CA 92101

Ako \_\_\_\_\_ tumututol sa iminungkahing pagtaas ng rata.

Numero o Address ng Parcel ng Assessor: \_\_\_\_\_

Lagda: \_\_\_\_\_

## Iminungkahing Water Pass-Through Rate

Umaasa ang Sa Diego sa imported na tubig mula sa Hilagang California at ang Ilog ng Colorado. Ang Lungsod sa kasaysayan ay bumili ng humigit-kumulang 85% hanggang 90% ng taunang pangangailangan nito sa tubig mula sa SDCWA. Sa nakaraan, nagtataas ng rata ng tubig ang SDCWA bawat taon. Ang mga pagtaas na ito ay base sa SDCWA para sa imprastruktura, operasyon, pagpapanatili at ibang mga gastusin na kinakailangan na makuha ang tubig para sa mga miyembro ng ahensiya. Ipagsasama ng SDCWA ang lahat ng gastusin na ito sa mga singil sa tubig na maipapasa sa mga miyembro ng ahensiya, tulad ng Lungsod ng Sa Diego.

Ang mga rata ng tubig ng Lungsod na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod noong Setyembre 2023 ay nagpalagay ng 2025 na pagtaas ng rata ng SDCWA na 7.2%, batay sa mga proyeksyon ng rata ng SDCWA sa oras na iyon. Kasunod nito, noong Hulyo 25, 2024, pinagtibay ng SDCWA ang mga pagsasaayos sa mga fixed at variable na rata na sinisingil nila sa Lungsod ng San Diego at iba pang lokal na ahensiya ng tubig. Sa huli, ang SDCWA Board ay pumasa sa pagtaas ng rata na 14%. Bilang resulta ng makabuluhang pagtaas na ito sa mga rata ng SDCWA sa 2025, walang sapat na kita ang Public Utilities Department. Upang mapanatili ang pinansiyal na katatagan ng utilidad ng tubig ng Lungsod at matiyak ang sapat na pagbawi sa gastusin, dapat ayusin ng Lungsod ang mga rata upang matugunan ang inaasahang pagtaas ng mga gastusin sa pagbili ng tubig mula sa SDCWA. Ang Public Utilities Department ay humihiling sa awtoridad na taasan ang nakapirming buwanang singil sa serbisyo at mga presyo ng bilihin ng tubig para sa lahat ng mga kustomer ng maiinom na tubig hanggang sa pinakamataas na 5.5% simula Mayo 1, 2025. Hindi bababa sa 30 araw bago ang petsa ng bisa ng isang awtomatikong pass-through na pagsasaayos, ang Lungsod ay magbibigay sa mga kustomer ng nakasulat na paunawa ng pagsasaayos.

*Tandaan: Sinisingil ng Lungsod ang karamihan sa mga kustomer nito na nag-iisang pamilya sa tirahan sa dalawang buwang batayan. Nangangahulugan ito na ang bawat bill na natatanggap ng mga kustomer na ito ay may kasamang mga singil para sa dalawang buwang serbisyo.*

Kasalukuyan at Pinakamataas na Iminungkahing Buwanang Bayad sa Serbisyo ng Tubig		
Laki ng Metro	Enero 1, 2025 Singil	Mayo 1, 2025 Singil na may Pass-Through na Pagtaas
5/8", 3/4"	\$27.33	\$28.84
1"	\$44.19	\$46.63
1.5"	\$86.32	\$91.07
2"	\$136.89	\$144.42
3"	\$313.87	\$331.14
4"	\$524.56	\$553.42
6"	\$1,215.63	\$1,282.49
8"	\$1,864.57	\$1,967.13
10"	\$3,541.69	\$3,736.49
12"	\$4,468.74	\$4,714.53
16"	\$6,575.68	\$6,937.35

Kasalukuyan at Pinakamataas na Iminungkahing Presyo ng Kalakal ng Tubig			
Klase ng Kustomer		Enero 1, 2025 Singil	Mayo 1, 2025 Singil na may Pass-Through na Pagtaas
<b>Isahang Pamilya na Residensyal</b>			
Tier 1	(\$/HCF)	\$6.95	\$7.34
Tier 2	(\$/HCF)	\$7.87	\$8.31
Tier 3	(\$/HCF)	\$9.91	\$10.46
Multi-Family Residential		(\$/HCF)	\$8.17
Komersyal/Industriyal/Sa Labas ng Lungsod		(\$/HCF)	\$7.97
Patubig		(\$/HCF)	\$9.37
Pansamantalang Konstruksyon		(\$/HCF)	\$8.98

Kasalukuyan at Pinakamataas na Iminungkahing Buwanang Bayad sa Serbisyo ng Fireline		
Laki ng Metro	Enero 1, 2025 Singil	Mayo 1, 2025 Singil na may Pass-Through na Pagtaas
1"	\$2.52	\$2.66
1.5"	\$3.42	\$3.61
2"	\$4.99	\$5.27
3"	\$10.60	\$11.19
4"	\$20.26	\$21.38
6"	\$54.94	\$57.97
8"	\$114.79	\$121.11
10"	\$204.79	\$216.06
12"	\$329.54	\$347.67
16"	\$699.95	\$738.45
20"	\$1,257.11	\$1,326.26